DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
29 JAN 2016
DATE:

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 052, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **MGA KASANAYANG TINATAYA NG 2015 NAT (BAITANG 6)**

Petsa : Enero 29, 2016

---

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang mga Kasanayang Tinataya ng 2015 *National Achievement Test* para sa Baitang 6.

2. Mula sa masusing pagsusuri sa mga kasanayang tinataya ng NAT taun-taon ay natuklasang ang mga kasanayang ito ay paulit-ulit lamang datapuwa't nagkakaiba lamang ang bilang nito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga aytem sa pagsusulit kung kaya sa ngayon ay masusing binibigyang-diin at pansin ang mga naturang kasanayan.

3. Higit na inaasahan ngayon na mas pagtuunan ng pansin ng mga guro sa Filipino ang labintatlong kasanayang naitala. Pagyamanin ang mga nasasabing mga kasanayan sa pamamagitan ng pagbabalik-aral nito ng mas higit pa kay sa ibang mga kasanayan at susuriin ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral hinggil dito.

4. Hinihikat ang mga punungguro at mga gurong nagtuturo ng Filipino na magsagawa ng gawaing makatulong upang maiangat ang MPS ng Filipino. Gamitin ang iba't ibang modyul ng Angat Gurong Filipino (AGF) Program bilang kasangkapan/kagamitang magpapagaan sa mga gawain ng guro at mabigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na mag-aral at matuto sa sarili nilang pagsisikap.

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang "Mga Kasanayang Tinataya ng 2015 NAT 6.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Blg. ____ s. 2016

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MGA KASANAYANG TINATAYA NG NAT 6 - SY 2014-2015**

1. Nagagamit sa pangungusap ang mga panghalip, pang-uri, pandiwa, pang-abay, pangatnig, pang-angkop,pang-ugnay at panlapi,

2. Nagagamit ang angkop na pangungusap para sa sitwasyon (uri ng pangungusap ayon sa gamit)

3. Natutukoy ang kahulugan ng salita(kasingkahulugan o kasalungat)

4. Natutukoy ang pangunahing kaisipan at mahalagang detalye sa binasa.

5. Natutukoy ang paksang diwa, sanhi at bunga sa kuwento.

6. Nailarawan ang katangian ng tauhan batay sa kilos o pananalita.

7. Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.

8. Nakapagbigay ng palagay sa maaaring kalalabasan ng mga pangyayari batay sa ikinikilos ng tauhan.

9. Nasusuri ang mga detalye na nagpapaliwanag sa pangunahing diwa.

10. Nagagamit ang grapikong pantulong sa pag-unawa ng teksto.

11. Nagagamit ang panipi at kuwit sa tuwirang sinabi ng tauhan.

12. Napupunan nang wasto ang pormularyong pampaaralan tulad ng ID at kard na pang-aklatan.

13. Naisasalin (transcode) nang pasulat ang mga impormasyong ipinahihiwatig ng mga grapikong pantulong sa teksto.